
THE DEADLY DRAFTS
A MATY GO MYSTERY
ROSE TAN

The Deadly Drafts Copyright © 2024
by Rose Tan. All Rights Reserved.

Other images and illustrations are
copyrighted
and used with permission from their owners.

All rights reserved. No part of this book may be reproduced, distributed, or transmitted in any form or by any means without the prior written permission of the author, except in the case of brief quotations embodied in critical reviews and certain other noncommercial uses permitted by copyright law.

Distributed by Whimsical Books Ph
*Digital Edition*

# PROLOGUE

“PAPA?” *Umupo siya sa tuktok ng hagdan at nagsimulang bumaba.* Paupo. Iyon *ang turo ng kanyang papa para hindi siya mahulog.* “Papa?” *patuloy niyang tawag sa ama.* Gabi *pa pero may ilaw sa ibaba ng kanilang bahay.* Naroroon *ang kanyang papa, gumagawa ng istorya.* Mahilig *gumawa ng istorya ang kanyang papa, doon sa ma... mak...* manikilya. *Pero hindi niya naririnig ang* manikilya, *dahil siguro sa mga pagsabog sa langit at sa malakas na ulan. Iyon ang dahilan kaya*

nagising siya. Pumutok nang malakas ang langit. Natakot siya. Napaihi siya sa higaan. Nabasa ang pajama niya.

Nakarating siya sa ibaba ng hagdan. Maingat siyang tumayo. “Papa!” Tumakbo na siya patawid sa salas, papunta sa kuwarto na nasa likod ng malaking cabinet. Doon ang opis ng kanyang papa.

Bukas ang pinto ng opis. “Papa?” anas niya. Minsan ay nagagalit ang kanyang papa kapag pumapasok siya doon dahil gumagawa ito ng istorya. Gusto niyang malaman kung ano ang istorya. Bakit ayaw ikuwento sa kanya?

Maliwanag ang opis. Kitang-kita niya na nakahiga sa sahig ang kanyang papa. Tulog. Lalapit na sana siya sa ama nang mapansin niya ang kulay sa paligid. Red.

*May mga* color *red sa opis. Madami. Sa sahig. Sa dingding. Sa* manikilya. *Sa mga papel na nakakalat sa sahig.*

*Nagko-*color *ang papa niya.*

*Natuwa siya. Gusto niyag mag-*color.

*“Papa!” Tumakbo na siya sa ama at sumampa sa tagiliran nito, niyugyog niya. “Papa,* color*!* Color*!” Ang daming* color *red sa sahig. Hinipo niya iyon. Malagkit. “Yukkk!” Hindi rin niya gusto ang amoy… Napasinghap siya. May iba pang tao sa opis. Nasa lamesa ng* manikilya, *nagtatago doon. Tumindig siya at lumapit sa lamesa.*

*Napamulagat siya sa nakita.*

Biglang dumilat si Marigold. Hindi panaginip ang lahat. Alaala ng gabing pinagnakawan at pinaslang ang

kanyang papa.

Ang pagkakaiba lang ngayon, mas kumpleto ang alaala. Mas detalyado.

Bumangon siya at kinuha sa backpack ang picture na nakita niya noong isang araw. Hindi niya alam kung saan o kanino nanggaling. Nakita na lang niya sa bag niya. It was a crime scene photo. Kuha ng mga imbestigador sa opisina ng kanyang papa noong mapaslang iyon.

Ang nakapagtataka lang, hindi katugma ng larawan ang nasa alaala niya.

Oo nga at naroroon ang kanyang papa, nasa sahig, bahagyang nakatagilid at duguan, lalo na sa bandang ulo. Nasa larawan din ang mga nagkalat na papel na pawang may mga

talsik ng dugo. Nakuha rin ang mga dugo sa dingding.

Sa dingding.

Naroroon ang pagkakaiba.

Dinapot niya ang cell phone. Dumayal at. "Hi, Marcus," aniya sa sumagot.

"KASALANAN mo 'to!" sigaw niya sa nakababatang babae. "Kung hindi mo ipinakita sa kanya ang picture, hindi magkakakaganito! Leche! Ang tanga mo!"

"I was just trying to help. I paid a lot for the picture. I traced that detective in Bataan! Imagine, doon ko pa nahanap, and that's the only picture he managed to keep."

"I don't care how you found that picture. You should have told me before

giving it to her."

"Kasi, now that she's clean, sabi mo, ang daming tanong. She can't know what we're doing, she must stay dependent on us. I figured if she saw her father's crime scene photo, she'd be depressed and ask for something." Nagkibit ito ng balikat.

Dinuro niya ito. "You figured out wrong. It's your mess. Clean it up."

"How?"

"Magkasama sila ni Marcus ngayon. Sigurado ako, alam na rin ni Marcus at kilala mo naman ang baklitang `yon." Dumukwang siya sa mesa. "Make this problem go away. Stop Marcus from talking to anyone."

"You mean…"

"Get rid of him," she hissed.

“And Marigold?”

“If you want to keep your lifestyle….”

# BOOK ONE

## *ANETTE THE SLEUTH*

# CHAPTER 1

"PARTY or feeding program?" tanong ni Anette sa pasahero niya.

"Pros and cons," sagot ni Maty, hindi nag-aangat ng mukha, busy sa cell phone.

"Mmmm, `pag party, siyempre, masaya, makakasama namin `yong mga loyal followers. Kaso kami-kami lang `yon. Tayo-tayo. `Pag feeding

program, obviously, mapapakain `yong mga nasa laylayan."

"Pero isang beses lang. Kinabukasan, gutom na naman sila," sabi ni Maty. "Magpa-party na lang kayo."

"Baka ma-bash kami na ang dami-daming nagugutom, `tapos—"

"Eh, di gawin mong sixty-four pesos per plate."

"Lalo kaming maba-bash. Sasabihin ginagawa naming joke ang kalagayan ng mahihirap." Nilinga ni Anette ang best friend, itinaas pa niya nang bahagya ang suot na Wayfarer.

"Pake ba nila?" sabi nito. "Hindi na ba tayo puwedeng gumawa ng gusto natin? Lagi na lang nating iisipin ang sasabihin ng mga tao? Ang mga desisyon natin, nakasalalay na lang sa

ibang tao? Hindi naman natin sila kilala, hindi nila tayo kilala, pero nagpapadikta tayo sa kanila?" Litaw ang litid ni Maty sa leeg, gigil na gigil.

Anette rolled her eyes behind her shades. Nauwi na naman sila sa "pakikibaka."

"Tama ka naman, atih," aniya. "But in this case, kailangan kong isipin ang netizens dahil vlog namin ang magpapaalam. Vlog na tinangkilik nila, natural, may pake ako sa sasabihin nila. Ayokong *um-exit* kami na may bad blood."

Nag-decide sila ng asawang si Ed na tapusin na ang kanilang vlog. Nakakapagod na at nakakasawa na rin. At nararamdaman nila, hindi na ganoon ka-popular ang mga so-called

influencers. Nagbabago na naman ang ihip ng hangin sa social media.

At bilang "influencers" din, tingin nila ay naabot na nila ang peak of success. Kailangan nila ng graceful exit, hindi iyong lalagpak sila nang malakas. Salamat naman kay Fernando na asawa ni Maty, na-invest nila ni Ed nang maayos ang mga kinita nila at puwede na silang kumuyakoy na lamang hanggang mategibels… *Knock on wood.*

Pero siyempre, hindi sila kukuyakoy lang. Tututukan nila ang mga restaurant nila, magta-travel sila, at si Ed, gustong maging triathlete—the new middle age, sabi nga ni Matilde. Ang mga kasing-edad nila, nahihilig sa fitness everything.

"Eh, di gawin mong charity ball. Ang

proceeds, para sa mga scholars n'yo," sabi ni Maty.

"Scholars? Namin?"

"Kukuha kayo ng scholars sa mga liblib na paaralan. Marami akong readers na teacher, sa kanila tayo magtatanong."

"Ganern?" Lukot ang nguso ni Anette. Hindi naman siya madamot sa mga batang kapos-palad—on the contrary, noon pa nila naiisip ni Ed na magpaaral ng mga talented students. Ang problema lang, allergic sila pareho sa bureaucracy.

"Ganern," tango ni Maty.

"Hihingi pa ba kami ng permit sa gobyerno? `Kakaurat `yon, eh."

"Puwede naman sigurong hindi na. Kayo-kayo na lang no'ng parents ng bata

ang mag-usap."

"Paano kung gastusin ng parents ang pera?"

"Ibabayad n'yo directly sa school ang tuition."

"Ang baon?"

"De i-GCash mo araw-araw. Puta, `dami mong problema," pagtataray na naman ni Matilde.

Immune na doon si Anette. "Ilang scholar?"

"Kayo ni Ed ang mag-usap."

"Anong grade? Mula grade one?"

"Depende siguro, kung sino ang isa-suggest no'ng mga teacher. Bigyan mo lang ng category. Dapat ganito, ganoon... `wag mo ibase sa grades, ha. Una sa needs, `tapos sa character..." Natigilan si Maty, nakamulagat sa cell

phone. Hindi pa nakuntento, inilapit sa mukha ang binabasa.

"Sa laki ng font mo, atih, pixilated na `yan," biro ni Anette.

"Hayup na `to!" mura ni Maty.

"Ako?" Tinutop ni Anette ang dibdib.

"Ito!" tukoy ni Maty sa cell phone. Nagbasa nang malakas. "I stopped reading when the main characters started body-shaming a certain character. The author is obviously old and oblivious to the plight of people with body issues..."

Nangunot na rin ang noo ni Anette. "Sino ang hayuf na `yan?" Gets na agad niya na isang review sa nobela ni Maty ang binasa nito.

"MissXanxxx. May identity crisis siguro, panay X ang pangalan," ani

Maty.

"Baka depressed, nagsa-Xanax?"

"Hindi ba naiintindihan ng mga lecheng `to na kailangan ng realism sa mga fiction? Ano gusto nila, mababait lahat ang tao sa nobela? Babalik tayo sa unang panahon? Basta bida, hindi puwedeng magkasala? Mga tanga! Leche! Buset!"

"Anyare sa 'pake natin sa bashers'?" Natatawa na si Anette.

"Ang tatanga kasi!" Pumihit si Maty ng upo paharap kay Anette. "Alam ba nila kung ano ang fiction? Bakit popular ang fiction? Hindi lang `yan pang-entertain. Ang fiction, rehearsal ng readers sa mga pagsubok sa buhay! `Pag nagbabasa tayo, nararamdaman na natin `yong mga emosyon na dinadanas

ng characters sa kuwento. At `pag tayo ang nakaranas ng ganoon, nababawasan ang impact ng painful experiences. Sa totoo lang, `yong mga bookworms, less depressive. Kung ma-depress man, nakaka-recover kaagad kasi hindi naka-stuck ang isip nila sa sarili nila. `Pag nagbabasa sila, bumubukas ang isip sa mga possibilities, natututo, and yes, nakaka-escape, hindi na kailangan uminom o mag-drugs."

"Speaking of drugs," sabi ni Anette para maawat ang rant ng best friend. "Totoong user `yong si Goldie?" Writer din ang tinutukoy niya. Popular sa online writing platform na INX. Hindi na dadaan ang isang writer sa screening ng mga traditional publishers, puwede

na nilang i-upload na lang agad sa INX ang mga akda kahit hindi pa tapos. Doon na sinusubaybayan ng readers at nagiging bahagi ang mga iyon ng writing process at ng itatakbo ng istorya—bagay na hate na hate ng old-school writer na gaya ni Matilde.

“Chika ni Rocky. Gumagamit daw dati pero nagpipilit nang maka-recover. Nag-relapse daw siguro. `Yon, OD.” Napailing si Maty.

Si Rocky ay INX writer na protégée ni Maty. Yoga instructor din at may jowang guwapo, si Skip. Nakilala ni Maty si Rocky dahil sa isang true to life murder mystery na kinasangkutan niyon.

“Nagulat nga ako. Hindi ko naisip `yon tungkol kay Goldie. At the same

time, hindi na rin kataka-taka. Mala-Dexter ba naman ang childhood mo?" sabi pa ni Maty.

Nag-flash sa isip ni Anette ang eksena sa TV series. Ang batang Dexter Morgan, literal na naliligo sa dugo ng nanay niya. Sa kaso ni Goldie, sa dugo ng ama ito naligo noong four or five years old yata.

Ayon sa chika ni Maty, writer din ang tatay ni Goldie, si Marigold Lee na Bienvenido Limpot sa totoong buhay. For some reason, pambabae ang pen name na pinapagamit sa mga male authors noon.

Nakilala naman ni Maty si Mr. Limpot noong mid-90s at nagsusulat pa si Maty sa isang traditional publishing house, ang Evermore Publications. Sa

Evermore din nagsusulat si Mr. Limpot. Nakasama ni Maty sa ilang events at meetings, naka-table sa Christmas parties. Mabait daw ang lalaki—na hinala ni Maty ay beki kaya iniwan diumano ng asawa matapos isilang ang anak. Naging single parent si Mr. Limpot kay Marigold Limpot. Naging writer din si Marigold, Goldie Girl ang pen name.

Noon daw 1999, four years old si Marigold, pinasok ng magnanakaw ang bahay ng mga ito at napaslang si Mr. Limpot. At si Marigold ang nakakita sa duguang ama.

"`Paka-tragic. `Tapos, si Marigold ngayon…" Sa burol niyon sila pupunta. Nang malaman ni Maty na nagsusulat din sa INX si Marigold, Maty reached

out to her. *Minessage* ni Matilde, nag-reply naman, nanghingi ng advice. Mabait daw na bata, malambing. Iyon nga lang, sensitive daw, mabilis ma-offend. Para kang nakatuntong sa eggshells kapag kausap mo, hindi puwede ang bardagulang chikahan.

"Eh, di treinta na `yon ngayon? Hindi na bata." Naisip-isip ni Anette.

Tumango si Maty. "Bata pa rin. Sayang pa rin."

"Eh, `di ba, drug-related din ang nangyari dun sa scammer na writer?" Naisip-isip na naman ni Anette. "`Yong… sino nga `yon?"

"Si Marcus… sss… `Di ko alam kung ilang S dapat," sagot ni Maty.

"Ba't ganun mga pen name nila?"

"Na-call out nga ako dati,

*pinronounce* kong ‘inex’ ang INX. Feeling ko kasi, parang In Excess, `yong INXS na band no’ng tayo ay bagets.” Natawa naman si Matilde. “`Yong guwapo ang lead.”

“Si Michael Hutchence. In Excess ba `yon? Inks lang ang pronounce ko,” nakangiwing amin ni Anette.

Dinuro siya ni Maty. “Your whole life is a lie!”

Nag-apir sila.

“Pero mabalik tayo sa topic. Talamak ang drug use sa writers?”

Umismid si Maty. “Noon pa naman. Drugs or alcohol. Madaming writers na alcoholic. `Tapos ang mga kabataan ngayon, mas prone to depression dahil nga imbes na sa kapitbahay lang o sa kaklase ikukumpara ang sarili, sa

buong mundo na. Hindi ko ma-imagine ang pressure."

"So, kaya nang-scam ng readers si Marcus-dot-s-dot-s-dot-s, dahil sa drug habit?"

"Kaya nga nakakahinayang sila," sang-ayon ni Maty.

"Parang gusto ko na ring manalig sa tokhang `pag ganyan," ani Anette.

"Gaga!" singhal ni Maty.

# CHAPTER 2

SA APARTMENT ng mga ito sa Pasay nakaburol si Marigold Limpot, aka, Goldie Girl, author ng "The Serpent's Kiss." Erotic-fantasy daw ang nobelang iyon. Ewan lang ni Anette kung metaphor ang serpent o totoong ahas ang nanghahalik sa nobela. Pero dahil sa INX iyon naka-publish at sumikat, it was probably the latter. Bestiality.

*Kaloka.*

Sinarhan ang makitid na kalsada para sa mga nakikiramay. Nilagyan ng

dalawang tent at parehong okupado ng mga taong nanginginain ng butong pakwan, kornik, etcetera. Maliit din lang ang apartment mismo at ang mga gamit ay inipon sa ilalim ng hagdan para bigyang puwang ang ataul.

Tahimik sila ni Maty na lumapit sa puting ataul. Sabay pa silang nag-sign of the cross. Babaeng matambok ang pisngi ang nakahiga sa ataul. Nakaputing damit, may rosaryo sa kamay.

*Hindi naman mukhang adik*, sa loob-loob ni Anette. Hindi mataba, hindi payat. Maganda rin kahit bulbous ang ilong. Mainit sa lugar, ramdam ni Anette ang pawis na gumagapang sa anit niya.

Nag-sign of the cross na uli si Maty

at, "Kausapin lang natin `yong tita niya, `tas alis na tayo," sabi, sabay dukot ng isang sobre sa bag.

"Ikaw na lang. Lalabas ako, magko-collapse na `ko sa init." Iniwan na ni Anette sa loob si Maty. Naiwan din niya sa kotse ang kanyang mini fan. Kandapagpag na lang siya ng kanyang eyelet adorned crop top.

*Buset na menopause*. Bigla-bigla na lang siyang nag-iinit kaya kaaway na kaaway niya ang maiinit na lugar.

Nakakita siya ng bakanteng upuan. "*Peram* po," aniya sa mga nasa mesa. Sa haligi ng tent niya hinila ang upuan. Tumunog ang cell phone niya at dinukot niya sa Coach sling bag. "Hello po?" sagot niya kay Ed.

"Nasaan na daw kayo?" tanong ni Ed.

"Asking for a friend?"

Ed laughed. "Hindi daw kayo nasagot."

"Sorry naman, `kamo. Kakarating lang namin, sa malayo kami nag-park kasi walang space. Ayaw naming maglabas ng phone habang naglalakad papasok dito, `kakatakot."

"Ah, okay."

"Nasa'n na raw si Fernando?"

"Alabang pa. Naghihintay daw siya ng Grab."

"Okay. Paalis na rin kami agad dito. Ang init."

"Hot flush?"

"Very hot flush. Naiwan ko pa mini fan sa oto. Kelan kaya magkaka-AC ang mga smart phone?"

"Kawawa naman wifey ko," sagot ni

Ed.

Natawa si Anette. “Sige na, babay na.”

Nagkakaingay sa loob ng apartment. Curious, sinilip ni Anette. Si Maty, napapaligiran ng mga kabataan—hindi na bata, pero di-hamak na mas bata sa kanila, mga nasa twenties. Maasim na ang mukha ng kanyang BFF, wapakels na kumikislap ang mga camera ng cell phones.

Isang ale ang umalalay kay Maty palabas.

“Pasensiya na, ha, Pearlie. Paalis kasi kami ng husband ko, pa-airport pa ako,” sabi ni Maty sa ale.

“Okay lang. Salamat pala sa tulong mo.”

“Wala `yon. Condolence uli.

Nakakahinayang talaga si Marigold. Ang lungkot," sabi pa ni Maty.

"Oo nga. Parang anak ko na `yan... Ang sakit. Noon, papa niya. Ngayon naman..." Napailing at napahikbi ang ale.

Niyakap ito ni Maty. "`Pag may kailangan ka, chat mo `ko, ha."

"Thank you, Maty. Thank you talaga. Ingat kayo, ha. Happy trip."

"Condolence," sabi ni Anette sa ale.

"Salamat sa inyo."

Aalis na sana sila nang may lumapit kay Pearlie. Babaeng marikit. *Sa biglang tingin lang pala*, sa loob-loob ni Anette.

"Ate Pearl, i-play na daw natin `yong reels ni Marigold," sabi ng babae. Nasa five-three ang taas, maputi, hindi mataba at hindi payat pero mukhang

buntis, nagawa pang mag-square pants at bodycon top. Puti ang pants, black ang top, katerno ng doll shoes.

Bumaling ito kay Maty. "Ma'am Maty, thank you sa pagdalaw."

Tumango si Maty at nagpaalam na din sa babae. "Una na kami, ha. Ay, friend ko pala, si Anette. `Nette, si Moxie, writer din."

"Hello," bati ni Anette.

"Hello, po," bati ni Moxie.

Nang naglalakad na sila pabalik sa sasakyan, saka lang nagtanong si Anette. "Ano `yon ni Marigold? Si Pearlie."

"Tita sa pinsan. Si Pearlie, siya na ang nag-alaga at bumuhay kay Marigold simula no'ng mamatay ang ama. Hindi na nga nag-asawa."

“Eh, di ka-age lang halos natin `yon.”

Tumango si Maty.

“Mukha na siyang senior,” comment ni Anette.

“Problemado kay Marigold. `Dami daw niyang dusa sa pagpapalaki dun. Pero mahal na mahal niya, at `yon nga, inuunawa niya lagi dahil nga nawalan ng ama, hindi pa binalikan no’ng ina. Naiintindihan daw niya kung bakit depressed lagi si Marigold at natutong magbisyo.”

Napa-tsk-tsk si Anette. “Bakit ba may mga ganung kapalaran? Bakit hindi na lang lahat, okay?”

“Pero decided na raw magbago si Marigold. Six months na raw hindi gumagamit, tumaba na, `tapos may online job bukod pa sa pagsusulat.

Umatend lang daw sa book launch no'ng kaibigang writer, kinabukasan nakita na lang ni Pearlie, nakabulagta sa sahig dun sa salas nila. Nahulog daw pala sa hagdan."

Napaisip si Anette. "Hindi naman ganun kataas ang hagdan nila para ikamatay."

"May Ketamine siya sa system niya. Siguro nawalan ng malay kaya nahulog. Nabagok daw ang ulo. Hindi naman daw nagising si Pearlie no'ng gabi. Kung nagising daw siya, baka naitakbo pa sa ospital at nasagip pa."

"Sinisi pa niya ang sarili."

"Mukha ngang martir `yong si Pearlie."

"May naaamoy akong Matthew Perry, atih," sabi ni Anette.

"Oo nga, `no? Sino kaya ang lecheng pusher?"

"Hindi rin naman napaparusahan ang mga hayuf."

# CHAPTER 3

"SEND me a list na lang of what you want, we'll try to get them for you."

Ka-video chat ni Maty ang unica hija. Mary just turned nine, at ewan ni Maty kung dahil lang sa angle ng camera, pero parang nawawala na siya sa mukha ng anak. Nagiging pure Fernando, lalo na kapag seryoso tulad ngayon.

"I just want you to come home, Mom," sagot ni Mary.

"Awww, sweet naman," sabad ni Anette na katabi ni Maty sa loob ng

kotse.

"Hindi pa nga nakakaalis, come home agad," sabi naman ni Fernando, kasama pa ni Mary sa bahay ng ate nito sa Alabang. Doon muna si Mary habang nasa Europe silang mag-asawa. Nag-dinner daw muna ang mag-ama, sa pamimilit ni Mary. Ito ang naghanda ng dinner. Chicken nuggets at corned beef.

Hinalikan ni Fernando sa sentindo ang anak. "Got to go, sweetie pie."

Yumakap si Mary sa leeg ng ama. "Don't die, Dad. Don't have a heart attack. Look both ways when you cross the streets. Don't eat exotic food. Wear face mask on trains and buses…" Luminga ito sa camera, kay Maty. "You, too, Mom. If the plane's gonna crash… run to the tail of the plane, it's safer."

"We'll be all right, Mary. Quit worrying," kastigo ni Maty sa anak.

"`Can't help it," sagot ng bata.

"Kasi mana ka sa nanay mo," sabad na naman ni Anette. "Don't worry, Ninang is here. `Pag nagka-plane crash, hihigupin ko ang dagat, kakalbuhin ko ang kagubatan..."

"That's awful, Ninang." Mary giggled.

"That's right, so stop worrying. Your parents are going to be okay. You know the worst case that could happen?"

"What?"

"You'll have a baby brother or sister."

Namilog ang bibig ni Mary. "Oh."

"Yes, oh."

Nakabawi sa gulat si Mary. "But that would be great!"

“Oo naman. Siya, paalisin mo na `yang papa mo at panis na kami dito ng mama mo. Kailangan na nila mag-check-in, ining. Ako naman ay kailangan nang umuwi sa aking esposong pogi.”

“Okay,” sagot ni Mary. “Don’t forget your promise, `Nang.”

“Ha? May promise ako?” Napatingin si Anette kay Maty. Maty shrugged.

“The Bini Holiday Tour!” sigaw ni Mary.

“Ah, `yon,” tango ni Anette. “Of course.”

“You haven’t bought tickets yet, have you?” akusa ng bagets sa ninang.

“I will, right now!” Dinutdot ni Anette ang cell phone. “Ay, shit, sold out na. Don’t worry, madaming kilalang

scalper ang ninang."

"Babay na sa mommy mo," sabi ni Fernando. "See you, love of my heart, my spleen, my liver..."

"`Call you later, Mary," ani Maty sa anak at pinindot na ang end video call.

"Napasubo ako sa Bini," amin ni Anette.

"Makakahanap ka ng ticket, matagal pa naman," sabi lang ni Maty, tumingin sa relos. Saglit lang naman ang biyahe mula Alabang hanggang airport. Nasa kotse pa sila ni Anette, aabangan na lang nila si Fernando para sabay na silang mag-asawa na papasok sa paliparan.

"Nahawa na sa `yo ang anak mo, `daming anxiety," comment ni Anette. "Praning na, ih."

"Oo nga," amin ni Maty. Siya man ay kung anu-anong worst-case scenario ang naiisip. Kung hindi lang niya mahal si Fernando, hindi siya papayag sa European tour. But they had a scare three months ago. Sumakit ang dibdib ni Fernando, sumugod sila sa ospital, fearing the worst.

It was a heartburn. Hindi natunawan si Fernando, nagwala ang mga acid sa tiyan at umakyat sa esophagus kaya ang buong dibdib, parang pinapaso. Akala nila, heart attack.

Pero ayon sa mga tests ni Fernando sa ospital, hindi na daw gaanong sumasara ang muscle sa daanan ng pagkain papunta sa tiyan kaya nakakalabas ang acid. Iyon daw ang reflux. Sarado daw iyon dapat kapag may pagkain sa tiyan.

Common naman daw ang issue sa edad nila, pati sa mas bata sa kanila.

Relieved si Maty na malamang hindi naman life-threatening ang health issue ng asawa. Iyon nga lang, habang nasa ER noon si Fernando, kandadasal siya at na-realize din niya na kapag health pala ang nakataya, dead-ma na sa pera. Kahit maubos pa ang kabuhayan, basta buhay si Fernando. Kasama niya araw-araw, kasama sa… That was when she decided that they should see the Louvre. Noon pa gusto ni Fernando na pumunta sa Europe, panay lang ang tanggi ni Maty.

Not this time. Magkaakbay nilang tititigan ang Mona Lisa.

Kung *beauty is in the eye of the beholder*, then, Maty realized, she would

never see the beauty of those arts, coastlines, mountains, and old castles without her husband by her side. So, yup, she should see the world now, habang magkasama pa sila ni Fernando at nakikita niya ang kagandahan ng mundo.

At kung siya naman ang mauunang mawala, then at least, she would close her eyes happily, knowing she had beheld beauty and love because in her life, there had been beauty and love.

"Maty? Matilde, hoy!"

"Huh?" Pumipitik sa mukha niya ang French manicure ni Anette.

"Maluha-luha ka pa d'yan! Ano, ini-imagine mo, bumagsak ang eroplano, napunta kayo sa bundok na yelo, at hindi maalam gumawa ng apoy ang

asawa mo?"

"Gaga, sa hot flush ko pa lang, lusaw ang mga yelo, t'yak."

Natawa si Anette. "Ay, true! May chika kasi si Ed." Itinaas nito ang cell phone.

"Ano naman?"

"Naisulat mo na daw ang nangyari dun kay Marigold."

"Ha?"

"Oo daw. Kaparis daw no'ng sa nobela mong isa. Hindi writer ang namatay pero kaparis ang pagkamatay. OD. Same drug. Ketamine, na ayon sa nobela mo ay anesthetic drug na ginagamit na party drug."

"Common naman `yon."

"Sabagay nga."

"Sa nobela ko, sinadya na bigyan ng

ketamine `yong guy para magmukhang OD ang cause of death. I don't think na ganun ang nangyari kay Marigold. She simply overdosed. Nakatulog siya, in a way, kagaya `pag under anesthesia ang ooperahan. Nahulog siya, walang nakakita, hindi naagapan ang head injury."

"Kaya lang..." Ikinaway ni Anette ang cell phone.

"What?"

"`Yong isa pang victim sa nobela mo, drug-related din ang pagkamatay. Masama ang tama, lumundag sa bintana ng condo, just like..."

Nangunot ang noo ni Maty. "Just like what?"

"Hindi what. Who."

"Who?"

“The scammer! Nagpatiwakal daw `yon dahil wanted sa laki ng na-scam na mostly ay readers niya. Drug-user din. The point is, kaparis sa nobela mo, tumalon din sa building `yong Marcusss.”

“Talaga?” Hindi malaman ni Maty kung maa-amuse siya o kikilabutan.

“Nagkataon pa ba `yon? What if sinadya silang patayin? What if, may serial killer at ang tina-target ay mga writers?”

Napaatras ang leeg ni Maty. “What if tigilan mo `yang conspiracy theory mo? Walang serial killer sa Pilipinas, `oy.”

“Oo nga, pero paano kung kagaya sa nobela mo, pinatay `yong mga victim kasi may naghihiganti sa kanila?”

"Sino ang naghihiganti kina Marigold at Marcusss?"

"Aba, malay. Baka parang, 'I Know What You Did Last Summer.' Dun mo lang naman kinopya nobela mo, `di ba?"

Humagalpak na si Maty. "Inspired!" bulalas niya. "Inspired ang tawag dun. Hindi ko naman kinopya, `oy, kapal ng mukha mo!"

"Eh, di hindi. Pero okay lang naman sa `kin mangopya ka, kunsintidor ako."

"Gaga ka. May makarinig sa `yong tanga, idemanda ako."

"Baka kaparis ka ng writer ng *The Simpsons*. Propeta," sabi pa ni Anette.

"Baka nga. Parang naaamoy ko na ang asawa ko..." Ibinaba ni Maty ang bintana ng kotse, sumilip sa labas. "Sabi

ko na!" Kabababa lang ni Fernando mula sa pulang kotse. Bumukas ang trunk at ang tamad na driver ng Grab, hindi man lang tumulong magbaba ng mga bagahe.

Bumaba na rin si Maty mula sa kotse ni Anette. "Pakibukas ng likod."

Bumaba rin si Anette, tinulungan si Maty sa dalawang suitcases. "`Yan lang talaga ang bagahe mo, atih?"

"Magaling akong magtupi," sagot ni Maty, kinuha ang malaking carryall at isininuksok doon ang envelope handbag. Tig-isa sila ni Anette sa suitcases, hinila nila palapit kay Fernando. "Pa'no?" aniya sa BFF.

"Happy trip!" Ibinuka ni Anette nang maluwang ang mga bisig.

Nagyakapan sila. "Si Mary ha, paki-

monitor."

"Of course. Ingat kayo." Niyakap din ni Anette si Fernando.

"Ingat ka pauwi," bilin dito ni Fernando.

"Pasalubong ko, ha," hirit pa ni Anette.

"Wala!" sagot ni Fernando. "Nasa `yo na ang lahat."

Yumakap uli si Maty sa kaibigan. "Ingat sa pagda-drive, atih."

Kumuha ng cart si Fernando at pumasok na sila sa terminal one. Inilagay niya ang kaliwang bisig sa baywang ng asawa. How lucky of her. Pupunta siya sa Europe kasama ang love of her life, her handsome and dashing Romeo.

He had turned much grayer. The

potbelly was probably there to stay. And yet, she loved him more than she did yesterday.

*Love grows*.